



KAUTUSAN Blg. 20-12b NG OPISYAL SA KALUSUGAN NG COUNTY NG ALAMEDA NA NAGPAPAHINTULOT SA ILANG MAHIGPIT NA KINOKONTROL NA PAGTITIPON HABANG NASA SASAKYAN

PETSA NG KAUTUSAN: Setyembre 11, 2020

Pakibasa nang mabuti ang Kautusang ito. Ang paglabag o hindi pagsunod sa Kautusang ito ay pagkakasalang may parusang pagbabayad ng multa, pagkakakulong, o pareho. (California Health and Safety Code o Kodigo ng California sa Kalusugan at Kaligtasan § 120295, et seq.; Cal. Penal Code §§ 69, 148(a)(1))

SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NG CALIFORNIA HEALTH AND SAFETY CODE MGA SEKSIYON 101040, 101085, AT 120175, INIUUTOS NG HEALTH OFFICER NG COUNTY NG ALAMEDA (“HEALTH OFFICER”) ANG MGA SUMUSUNOD:

1. **Pagbabago ng Shelter in Place.** Hindi pinapalitan ng Kautusang ito ang Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan 20-14c noong Agosto 28, 2020 na nag-uutos sa lahat ng indibidwal na manatili sa kanilang tahanan (ang “Shelter in Place Order”). Sa halip, dahil sa pag-usad na nakamit sa pagpapabagal ng pagkalat ng Novel Coronavirus Disease 2019 (“COVID-19”) sa County ng Alameda (ang “County”) at pagkilala na habang pumapasok sa ika-pitong buwan ang Shelter in Place ay mas nagiging mahalaga ang mga outlet para sa ilang aktibidad ng komunidad, bahagyang binabago ng Kautusang ito ang mga probisyon ng Kautusang Shelter in Place upang mapahintulutan ang mga partikular na Mahigpit na Kinokontrol na Pagtitipon habang Nasa Sasakyan. Ang sinukat na kaluwagan sa mga aktibidad na iyon ay dinisenyo upang panatilihin ang kabuuang insidente ng personal na kontak sa napakababang antas at mapigilan ang pagdami ng mga kaso ng COVID-19 sa County at sa mga katabing county. Ang mga aktibidad na pinahihintulutan ng Kautusang ito ay tuluy-tuloy na tatasahin at maaaring kailanganing baguhin kapag nagbago ang panganib na nauugnay sa COVID-19 sa hinaharap.
2. **Hangarin at Layunin.** Ang pangunahing hangarin ng Kautusang ito ay upang tiyaking patuloy na mananatili ang mga residente ng County sa kanilang mga tirahan upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 at bawasan ang perwisyo sa paghahatid ng mga kritikal na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, habang pinahihintulutan ang limitadong pagdaragdag ng ilang mas mababa ang panganib na Mahigpit na Kinokontrol na Pagtitipon Habang Nasa Sasakyan, tulad ng inilalarawan sa ibaba sa Seksiyon 8. Dapat ipakahulugan ang lahat ng probisyon ng Kautusang ito upang isakatuparan ang hangaring ito. Ang naturang Mahigpit na Kinokontrol na Pagtitipon Habang Nasa Sasakyan ay pahihintulutan lamang sa ilalim ng mga kondisyong dinisenyo upang ipagpatuloy ang pag-usad na nakamit sa pagpapabagal ng pagkalat ng COVID-19 habang patuloy na tinatasa ng Opisyal sa Kalusugan ang pagiging maipapasa at klinikal na kalubhaan ng COVID-19, tulad ng pagkakalarawan sa mga kondisyong iyon sa Kautusang ito at sa anumang patnubay na pana-panahong iniisyu ng Kagawaran sa

Kautusan ng County Healthy Officer
upang pahintulutan ang VBG (Setyembre 11, 2020)



Pampublikong Kalusugan ng County ng Alameda (Alameda County Public Health Department, ACPHD). Ang kabiguang sumunod sa alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito ay katumbas ng napipintong panganib at banta sa kalusugan ng publiko, katumbas ng panggugulo sa publiko, at mapaparusahan ng pagbabayad ng multa, pagkakakulong, o pareho.

3. **Katwiran.** Inilabas ang Kautusang ito batay sa ebidensiya ng patuloy na mataas na hawaan ng COVID-19 sa komunidad sa loob ng County; ebidensiya ng hawaan sa pamamagitan ng respiratory droplets at aerosol dahil sa mga walang sintomas at bago pa magkasintomas; siyentipikong ebidensizya at pinakamahuhusay na kasanayan tungkol sa pinakaapektibong mga paraan para mapabagal ang pagkalat ng mga nakahahawang sakit sa pangkalahatan at COVID-19 sa partikular; ebidensya na ang edad, kondisyon, at kalusugan ng isang may kalakihang bahagi ng populasyon sa County ay naglalagay dito sa panganib na magkaroon ng malalalang kumplikasyon dahil sa COVID-19, kabilang na ang pagkamatay; at dagdag na ebidensiyang posible ring magkaroon ng malulubhang kumplikasyon ang iba pa, kabilang ang mga kabataan at malulusog na tao. Dahil sa pagkalat sa pangkalahatang publiko ng sakit na COVID-19, na isa na ngayong pandemya ayon sa World Health Organization, may emergency sa pampublikong pangkalusugan sa buong County. Ang nakadaragdag pa sa problema, may ilang indibidwal na nahawaan ng COVID-19 virus na wala o banayad lamang ang mga sintomas, na ang ibig sabihin ay posibleng hindi nila alam na may virus sila at naipapasa nila ito sa iba. Dahil puwede pa ring maipasa ng mga taong walang sintomas ang sakit, at dahil sa ebidensiyang nagpapakita na mabilis kumalat ang sakit, posibleng magresulta sa maiiwasang pagkalat ng virus ang mga hindi kontroladong pagtitipon at iba pang direkta o hindi direktang pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Ipinakikita ng siyentipikong ebidensiya na sa yugtong ito ng emergency, nananatiling mahalaga ang patuloy na pagpapabagal sa pagkalat ng virus upang makatulong na (a) protektahan ang pinakamahihina; (b) iwasan ang labis na bigat sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan; (c) iwasan ang pangmatagalang malulubhang kondisyong pangkalusugan, tulad ng pinsala sa cardiovascular, bato, at respiratory system at pagkawala ng paa't kamay dahil sa pamumuo ng dugo; at (d) iwasan ang mga pagkamatay.
4. **Mga Kaso Sa Loob Ng County.** Pinabagal ng kolektibong pagsisikap hanggang sa kasalukuyan kaugnay ng emergency sa pampublikong kalusugan na ito ang kurso ng virus, ngunit nananatiling pareho ang emergency at kaakibat nitong panganib sa kalusugan ng publiko. Noong Setyembre 10, 2020, mayroon nang 19,819 kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa County at 320 kamatayan. Patuloy na nadaragdagan ang naiipong bilang ng kumpirmadong kaso, bagama't bumagal ang antas ng pagtaas nitong mga nakaraang araw bago ang Kautusang ito. Ipinakikita ng ebidensiya na pinababagal ng mga paghihigpit sa pagkilos at mga kahingian sa social distancing na ipinataw ng Mga Naunang Kautusan sa Shelter in Place ang bilis ng pagdami ng nahahawaan sa komunidad at mga kumpirmadong kaso sa pamamagitan ng paglilimita sa mga ugnayan sa pagitan ng mga tao, sang-ayon sa siyentipikong ebidensiya ng pagiging mabisa ng mga kaparehong hakbang sa iba pang bahagi ng bansa at daigdig.

Kautusan ng County Healthy Officer
upang pahintulutan ang VBG (Setyembre 11, 2020)



5. **Gabay ng Opisyal sa Kalusugan, CDC, CDPH.** Inilabas ang Kautusang ito pagkatapos ilabas ang pangunahing gabay mula sa Opisyal sa Kalusugan, Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), California Department of Public Health (Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California), at iba pang opisyal sa pampublikong kalusugan sa buong Estados Unidos at sa buong mundo, kabilang na ang malawakang pagpapatibay ng mga kautusan na nagpapataw ng iba't ibang kaparehong kahingian sa social distancing at paghihigpit sa pagkilos para labanan ang pagkalat at masasamang epekto ng COVID-19. Patuloy na susuriin ng Health Officer ang mabilis na pag-usad ng mga sitwasyon at posibleng baguhin o palawakin niya ang Kautusang ito, o posibleng maglabas siya ng karagdagang mga Kautusan, na may kaugnayan sa COVID-19, ayon sa itatakda ng nagbabagong kalagayan.
6. **Pagsasama ng Mga Kautusan at Deklarasyon.** Inilabas ang Kautusang ito alinsunod sa, at kasama bilang sanggunian ang, Proclamation of a State of Emergency (Proklamasyon ng Pagkakaroon ng Emergency) noong Marso 4, 2020 na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom; ang Declarations of Local Health Emergency (Deklarasyon ng Lokal na Emergency sa Kalusugan) na inilabas ng Health Officer noong Marso 1 at 5; ang Resolution of the Board of Supervisors ng County of Alameda Ratifying the Declarations of Local Health Emergency (Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Alameda na Nagpapatibay sa mga Deklarasyon ng Lokal na Emergency sa Kalusugan) noong Marso 10, 2020; ang Resolution of the Board of Supervisors Ratifying the Declaration of Local Emergency noong Marso 17, 2020

Kautusan ng Estado. Ang Kautusang ito ay inilalabas rin dahil sa Order of the State Public Health Officer (ang “State Shelter Order”) noong Marso 19, 2020, na nagtakda ng mga batayang paghihigpit sa buong estado pagdating sa mga hindi pangtirahang gawain sa pagnenegosyo, na ipatutupad hangga’t walang abiso na ititigil ito, gayundin sa Executive Order N-33-20 ng Gobernador noong Marso 19, 2020 na nag-uutos sa mga residente ng California na sundin ang State Shelter Order at sa Executive Order N-60-20 noong Mayo 4, 2020 na nag-uutos sa State Public Health Officer na magtakda ng mga pamantayan upang matukoy kung at kung paanong, sa gitna ng mga lokal na kalagayan, ay makapagpapatupad ang mga lokal na opisyal ng mga hakbang sa pampublikong kalusugan na hindi kasing-higpit ng mga direktiba sa pampublikong kalusugan sa buong estado. Dahil rin sa posisyong pinanigan ng Estado ng California sa *Gish v. Newsom*, 20 cv 00755 (C.D.Cal), kung saan pinanindigan ng Gobernador na ang mga naturang drive-in type na pagtitipon (pagtitipon habang nasa sasakyan lang) ay maaaring maganap sa ilalim ng kanyang Kautusan bilang alternatibong nakabase sa “teknolohiya”.

7. **Pagiging Maipatutupad.** Lahat ng indibidwal na kasalukuyang naninirahan, nagtatrabaho, o bumibisita sa County ay inaatang patuloy na sumunod sa umiiral na Kautusang Shelter in Place. Bilang dagdag sa mga nakalistang eksempyon tulad ng inilalarawan sa Kautusang Shelter in Place, ang mga indibidwal sa County ay maaari ring lumahok sa mga Mahigpit na Kinokontrol na Pagtitipon Habang Nasa Sasakyan gaya ng inilalarawan sa Seksyon 8 sa ibaba.



8. Mga Depinisyon at Mga Pasubali o Exemption.

- a. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang isang Mahigpit na Kinokontrol na Pagtitipon Habang Nasa Sasakyan ay isang pagtitipon kung saan sa buong pagtitipon, ang bawat kalahok, hindi kabilang ang Host, Mga Kawani, at seguridad, maliban kung malinaw na itinatakda rito, ay mananatili sa ganap na nakasarang motorisadong sasakyang nakaparada nang may hindi bababa sa anim na talampakang layo sa ibang sasakyan at kung saan lahat ng sakay ng bawat nakasarang sasakyan ay miyembro ng iisang sambahayan. Para malinaw, hindi kasama sa nakasarang sasakyan ang motorsiklo, ang convertible na nakabukas ang ibabaw, ang bukas na likuran ng pickup truck, ang sasakyang walang pinto, o bisikleta.

Kasama sa Mga Pagtitipon Habang Nasa Sasakyan ang, ngunit hindi ito limitado sa, Mga Live na Pagtatanghal. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang katagang “Live na Pagtatanghal” ay kinabibilangan ng mga musikal, panteatro, o malikhaing grupo, lektura at presentasyon, pagpapalabas ng pelikula, at mga relihiyoso o iba pang kultural na seremonya. Lahat ng Live na Pagtatanghal ay dapat sumunod sa patnubay na inilabas ng Alameda County Public Health Department, at sa anumang pangyayaring napapailalim sa Kasunduang ito na nagsasangkot ng mahigit 200 sasakyan, ang Host ay dapat magbigay ng kopya ng kanilang Plano sa Live na Pagtatanghal para masuri ng COVIDRecovery@acgov.org nang hindi bababa sa apat na linggo bago ang nakaiskedyul na pagtatanghal. Sa minimum, dapat tukuyin ng plano ang bilang ng magtatanghal at kawani ng produksiyon, kung paanong susunod ang mga magtatanghal at kawani ng produksiyon sa pagtatakip ng mukha, mga pagkuha ng temperatura/pagsusuri ng sintomas, at physical distancing, kung paanong mababawasan ang paghahalubilo sa pagitan ng mga magtatanghal at kawani sa labas ng isang grupo o tahanan, kung paanong mababawasan ang paggamit ng marami sa iisang kagamitan, at mga protokol sa sanitasyon at paglilinis.

- b. Ang Mga Pagtitipon Habang Nasa Sasakyan ay dapat tumalima sa mga sumusunod na kahingian:
 - i. **Host, Mga Tauhan, Plano sa Pagtitipon.** Ang pagtitipon ay dapat magkaroon ng itinalagang host ng organisasyon na responsable sa pagtitiyak ng pagsunod sa Kautusang ito at sa Kautusang Shelter in Place sa panahon ng pagtitipon (“Host”). Tanging ang mga tauhan ng organisasyon na kinakailangan upang pangasiwaan ang pagtitipon at upang matiyak ang pagsunod sa Kautusang ito ang maaaring naroon (“Mga Tauhan”). Bilang dagdag, ang Host ay dapat:
 1. Para sa mga pagtitipon na may mahigit 10 sasakyan, humiling ng mga tauhan para sa seguridad na ilalaan ng lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas na may pangunahing hurisdiksiyon sa lokasyon ng pangyayari (ang “Ahensiya”) at magbayad ng makatwirang halaga ayon sa itatakda ng Ahensiya. Kapag



tumanggi ang Ahensiyang maglaan ng seguridad, ang Host ang responsable sa pagkuha ng pribadong seguridad na sapat upang matiyak ang pagsunod sa Kautusan at matugunan ang anumang usapin sa trapiko at kaligtasan sa sarili nitong gastos. Ang dami ng seguridad na kinakailangan ay tutukuyin ng entidad na naglalaan ng seguridad ngunit hindi dapat lumampas sa ituturing na kinakailangan upang mapanatili ang kaligtasan at matiyak ang pagsunod sa Kautusan. Bilang paglilinaw, kapag mayroon nang ginagamit na seguridad ang Host, maaari nitong gamitin ang umiiral nitong mga security officer.

2. Magbuo at magbigay sa lokal na tagapagpatupad ng batas, kapag hiniling, ng Plano sa Mahigpit na Kinokontrol na Pagtitipon Habang Nasa Sasakyan (“Plano sa Pagtitipon”), gaya ng inilalarawan sa Seksyon 8(c). Ang Plano sa Pagtitipon ay dapat nakakatulad ng nasa anyo na nakalakip sa Kautusang ito bilang Appendix A.
 3. Tiyaking susunod ang mga kalahok at Mga Tauhan sa Kautusan sa Pagtatakip ng Mukha at sa Mga Kahingian sa Social Distancing ayon sa inilalarawan sa Kautusang Shelter in Place sa lahat ng pagkakataon.
- ii. **Mga Tao sa Mga Sasakyan.** Ang mga tao sa isang sasakyan ay dapat bahagi ng iisang sambahayan at hindi dapat magpalit ng sasakyan habang nasa pagtitipon. Bukod pa rito, hindi pahihintulutan ang lampas sa legal na bilang ng sakay sa sasakyan. Ang mga tauhan at seguridad ay hindi itinuturing na tao sa sasakyan at maaaring manatili sa labas.
 - iii. **Lokasyon.** Dapat ganapin ang pagtitipon sa lugar sa labas na sapat ang laki upang makapasok ang mga kahingian sa pagdistansiya ng Kautusang ito at ng Kautusang Shelter in Place, hal. mga parking lot o katulad na espasyo. Bukod pa rito, dapat magkaroon ng sapat na espasyo sa pagitan ng mga sasakyan upang mapahintulutan ang pagpasok at paglabas kung may emergency. Dapat matiyak sa lokasyon ang pagbubukod sa mga hindi imbitado, ngunit makakamit ang kahingiang ito sa pamamagitan ng seguridad. Kapag hindi pag-aari ng Host ang lokasyon, dapat magbigay ang Host sa may-ari ng lokasyon ng Plano sa Pagtitipon at kumuha ng nakasulat na permiso o kasunduang gamitin ang lokasyon na partikular na kinikilala ang pagkakatanggap ng Plano sa Pagtitipon.
 - iv. **Mga Imbitado Lamang.** Maaari lamang matuloy ang pagtitipon ayon sa kung sino ang inimitahan, kung saan nakabatay ang limitasyon sa kapasidad ayon sa sukat ng lokasyon.
 - v. **Mga Limitasyon.** Hindi dapat lumampas sa 400 sasakyan ang nasa pagtitipon, at hindi ito dapat tumagal nang lampas 3 oras.
 - vi. **Mga Bintana.** Kapag nakabukas ang alinman sa mga bintana ng isang sasakyan, lahat ng sakay sa sasakyan ay dapat magsuot ng takip sa mukha alinsunod sa Kautusan sa Pagtatakip ng Mukha.



- vii. **Mga Pasubali o Eksepsiyon sa Pananatili sa Sasakyan.** Maliban sa nakalaan upang gumamit ng palikuran sa Seksiyon 8(b)(x), mag-pick up ng mga nauna nang biniling konsesyon, o para sa isang emergency, maaari lamang lumabas ng sasakyan ang mga sakay sa isang sasakyan kung at kapag partikular na nagbigay ang Host ng permiso para sa maikling panahon. Ang naturang permiso ay dapat limitahan sa isang sasakyan sa bawat pagkakataon. Para sa paglilinaw, hindi maaaring gamitin ng mga tao sa sasakyan ang kanilang oras sa labas ng sasakyan upang makisalamuha sa mga tao sa iba pang sasakyan.
- viii. **Lokal na Batas.** Dapat sumunod ang pagtitipon sa pangkalahatang kahingian ng hurisdiksiyon kung saan ito nagaganap, kabilang ang anumang programa sa pagpepermiso na itinatag ng isang hurisdiksiyon. Ang mga hurisdiksiyong nag-aatas ng proseso ng pagpepermiso ay dapat mabigyan ng kopya ng Plano sa Pagtitipon tulad ng inilalarawan sa Seksiyon 8(c).
- ix. **Mga Konsesyon.** Maaaring maglaan ang Host para sa pagbebenta ng pagkain, inumin, at iba pang item (sama-sama ay “mga konsesyon”) na sasailalim sa mga kondisyon ng Kautusang ito at sa anumang patnubay na ilalaan ng ACPHD sa pana-panahon. Walang maaaring mangyaring pagbebenta o palitan ng konsesyon sa sasakyan ng isang dumadalo. Maaari lamang magbenta ng mga konsesyon sa pamamagitan ng paunang pag-order na kukunin sa mga nakaiskedyul na oras upang malimitahan ang oras na lalabas ng sasakyan. Hindi lalampas ng 10 katao ang pahihintulutang maghintay sa pila upang kumuha ng konsesyon nang sabay-sabay. Ipinagbabawal ang pagbebenta ng Inuming May Alkohol. Anumang item o pagkain at kaugnay na basura na dinala ng mga okupante ng isang sasakyan o binili sa mga istanteng konsesyon ay dapat manatili sa sasakyan, upang maitapon sa tirahan ng tao sa sasakyan.
- x. **Mga Palikuran.** Kapag naglaan ang Host ng mga palikuran sa panahon ng pangyayari, dapat oras-oras na i-sanitize ang mga palikuran ng Host o mga Tauhan. Dapat magtakda ang isang Host, nang may opsiyonal na tulong ng mga Tauhan, ng sistema ng pagpila na nakakatugon sa Mga Kahingian sa Social Distancing tulad ng inilalarawan sa Kautusang Shelter in Place at aktibong pinangangasiwaan ng Host o ng Mga Tauhan. Hindi lalampas ng 10 tao ang pahihintulutang maghintay sa pila nang magkasabay. Dapat maglaan din ang Host ng hand sanitizer o hand washing station para sa mga gagamit ng palikuran.
- c. **Ang Plano sa Pagtitipon.** Dapat ibigay ang Plano sa Pagtitipon, kapag hiniling, sa lokal na tagapagpatupad ng batas nang hindi bababa sa isang linggo bago ang pangyayari, sumang-ayon man itong maglaan ng seguridad o hindi. Dapat ding ibigay ang Plano sa Pagtitipon nang pauna sa bawat imbitado at sa lokal na hurisdiksiyon kung ang naturang hurisdiksiyon ay may proseso ng pagpepermiso, o kapag hiningi. Ang Plano sa Pagtitipon ay dapat makabuluhang nasa anyo na nakalakip sa Kautusang ito bilang Appendix A. Dapat ding ipaskil ang Plano sa



Pagtitipon sa lugar na madaling makita sa lokasyon ng pagtitipon, at dapat kasama nito ang sumusunod, ayon sa naaangkop:

- i. Impormasyon sa pagkontak sa host, kabilang ang cell phone number at e-mail address;
 - ii. Ang kabuuang bilang ng Mga Tauhan na magbibigay ng mga serbisyo sa buong pagtitipon;
 - iii. Paano nito lilimitahan ang bilang ng sasakyang makakapasok sa itinalagang lokasyon para sa kaganapan;
 - iv. Paano pahihintulutan ng kaayusan ng mga sasakyan ang anim na talampakang distansiya mula sa isa't isa at sa lahat ng pagkakataon;
 - v. Kung paanong pahihintulutan ng kaayusan ng mga sasakyan ang espasyo sa pagitan ng mga sasakyan na sasapat para sa paglabas kung may emergency;
 - vi. Kung paanong susubaybayan ng Host, Mga Tauhan, at seguridad ang pagtitipon nang sa gayon ay tanging ang mga sakay sa isang sasakyan ang pahihintulutang lumabas ng kanilang sasakyan nang magkasabay habang nagaganap ang pagtitipon (maliban kung gagamit ng palikuran at kung may emergency);
 - vii. Kung paanong matitiyak ng Host, Mga Tauhan, at seguridad na mananatili sa kanilang mga sasakyan ang mga dumadalo maliban sa mga kalagayang pinahihintulutan ng Kautusang ito o ng patnubay ng ACPHD;
 - viii. Kapag naaangkop, kung paanong susubaybayan ng Host o Mga Tauhan ang pila sa mga palikuran upang matiyak na nasusunod ang mga Kahingian sa Social Distancing at hindi lalampas nang 10 tao ang naghihintay sa pila;
 - ix. Kung naaangkop, paanong titiyakin ng Host o Mga Tauhan na madi-disinfect ang mga palikuran sa pagitan ng bawat paggamit;
 - x. Kapag naaangkop, kung paanong kokontrolin ng Host o Mga Tauhan ang daloy ng mga dumadalo sa mga istante ng konsesyon, halimbawa, sa pamamagitan ng mga paunang inorder online at inorasang pagkuha nito; at
 - xi. Kapag maglalaan ng pribadong seguridad, ang pangalan ng kompanya ng seguridad at kung paanong titiyakin ng seguridad ang pagsunod sa Kautusang ito. Bilang paglilinaw, kapag mayroon nang ginagamit na seguridad ang Host, maaari nitong gamitin ang kasalukuyan nitong mga security officer at tukuyin ang mga empleyadong iyon.
- d. **Mahalagang Aktibidad.** Ang pagdalo sa isang Mahigpit na Kinokontrol na Pagtitipon Habang Nasa Sasakyan ay ituturing bilang Panlabas na Aktibidad gaya ng inilalarawan ng Kautusang Shelter in Place.
 - e. **Mahalagang Pagbiyahe.** Ang pagbiyahe para sa layunin ng pagdalo at pagbalik mula sa isang Mahigpit na Kinokontrol na Pagtitipon Habang Nasa Sasakyan ay ituturing na Mahalagang Pagbiyahe tulad ng inilalarawan ng Kautusang Shelter in Place.

9. Alinsunod sa Government Code (Kodigo ng Gobyerno) mga seksiyon 26602 at 41601 at Health and Safety Code (Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan) seksiyon 101029, hinihiling

Kautusan ng County Healthy Officer
upang pahintulutan ang VBG (Setyembre 11, 2020)



ng Health Officer sa Sheriff at sa lahat ng hepe ng pulisya sa County na tiyakin ang pagsunod sa Kautusang ito at ipatupad ito. Ang paglabag sa alinmang probisyon ng Kautusang ito ay katumbas ng napipintong panganib at banta sa pampublikong kalusugan, katumbas ng panggugulo sa publiko, at mapaparusahan sa pamamagitan ng multa, pagkakakulong, o pareho.

10. Magkakaroon ng bisa ang Kautusang ito pagsapit ng 8:00 a.m. sa Setyembre 14, 2020 at patuloy itong ipatutupad hanggang sa mapalawig, mapawalang-bisa, mapalitan, o mabago ito nang pasulat ng Health Officer.
11. Ang mga kopya ng Kautusang ito ay dapat agad na: (1) puwedeng makuha sa County Administration Building sa 1221 Oak Street, Oakland, California 94612; (2) ipaskil sa website ng County Public Health Department (Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng County, acphd.org); at (3) ibigay sa sinumang miyembro ng publikong hihingi ng kopya ng Kautusang ito.
12. Kung mapagdedesisyunang walang bisa o invalid ang anumang probisyon ng Kautusang ito sa pagpapatupad nito sa sinumang tao o sa anumang sitwasyon, ang natitirang bahagi ng Kautusan, kabilang na ang pagpapatupad ng ganoong bahagi o probisyon sa iba pang tao o sitwasyon, ay hindi maaapektuhan at patuloy na maipatutupad nang may buong puwersa at bisa. Dahil dito, maituturing na napaghihiwalay ang mga probisyon ng Kautusang ito.

IPINAG-UUTOS ITO:

Kathleen Clanon, MD
Deputy Health Officer ng County ng Alameda

May Petsang: Setyembre 11, 2020

Mga Kalakip: Appendix A – Plano sa Mahigpit na Kinokontrol na Pagtitipon Habang Nasa Sasakyan